Tagalog

Vol.29 | 2022.12

Impormasyon para sa mga dayuhan

# Ota City Navigation




## Ipinakikilala namin ang mga sento (pampublikong paliguan) at footbath sa Haneda Innovation City (HICity).




©Ota City

### 【Narito ang paraan kung paano makakapasok sa sento at footbath】

Mayroong 34 na mga sento sa Ota City, kung saan may pinakamaraming sento sa 23 wards ng Tokyo. 14 sa mga iyon ay kuroyu onsen (kuroyu hot springs), na sinasabing isang "fossil water" na nagmumula sa tubig-dagat sa sinaunang panahon. Ang mga sento ay inilalarawan ng kanilang miyazukuri (shrine-style) na panlabas at mataas na kisame. Mayroon ding mga makabagong sento kung saan makikita ang mga isdang lumalangoy habang nakababad sa bathtub. Bilang karagdagan sa bubble bath (jacuzzi), medicinal bath, incense bath, at sauna, mayroon ding mga sento kung saan maaaring makapag-enjoy ng yuzuyu (yuzu bath) sa Disyembre at bontanyu (bontan bath) sa Pebrero. Mangyaring tingnan din ang website ng Ota City Sento. Alamin kung saan ang mga sento.



銭湯特区

**Gaganapin sa araw ng winter solstice (Disyembre 22) (hindi gaganapin sa ilang mga paliguan)**



Pampublikong paliguan Yuzuyu



Miyazukuri na panlabas (Myojinyu)

Gumagawa kami ng video kung paano pumasok sa sento upang ma-enjoy rin ng mga dayuhan ang “sento” bilang bahagi ng kultura ng Japan mula sa panahon ng Edo.

**Industry Promotion Division**
☎ 03-5744-1373 FAX 03-6424-8233
E-mail shogyo@city.ota.tokyo.jp

**Tourism Division (mag-click dito para sa mga katanungan tungkol sa video kung paano pumasok sa “sento”)**
☎ 03-5744-1322 FAX 03-6424-9922
E-mail kanko@city.ota.tokyo.jp

Ang pagpapakilala ng “Haneda Innovation City (HICity) Footbath Skydeck” ay magpapatuloy sa pahina 2.

## 【Impormasyon sa Foreign-language Human Rights Hotline】

Para sa mga may problema tulad ng tinanggihan sa trabaho dahil sila ay isang dayuhan, binu-bully ang anak sa paaralan, at tinanggihan na tumira sa apartment

Mangyaring gamitin ang “Foreign-language Human Rights Hotline” ng Ministry of Justice para kumonsulta sa banyagang wika. Available sa Ingles, Intsik, Koreano, Filipino, Portuges, Vietnamese, Nepali, Espanyol, Indonesian, at Thai.

Lunes - Biyernes
9:00 am – 5:00 pm (maliban sa holiday sa pagtatapos at pagsisimula ng taon)

Libre　Sa telepono

Foreign-language Human Rights Hotline (navi dial)
☎ 0570-090911

···· Kailan ···· Magkano ···· Ilang tao ···· Paano mag-apply ···· Saan ···· Mag-apply sa ···· Makipag-ugnay sa



©Ota City

# 【Ipinakikilala namin ang Haneda Innovation City (HICity) Footbath Skydeck】

Maaaring magpa-footbath nang libre sa “Haneda Innovation City”, na direktang nakakonekta sa Tenkubashi Station sa tabi ng Haneda Airport. Isa rin itong sikat na lugar sa Haneda Innovation City kung saan may mga pinapalabas na mga pelikula, pagtatanghal ng musika ng mga DJ sa mga kaganapan. Gusto mo bang makaranas ng footbath habang nanonood ng mga eroplano?

Ang Haneda Innovation City ay isang pasilidad na nagpapalaganap ng mga bagong teknolohiya at kultura ng Japan sa loob at labas ng bansa.
Mag-click dito para sa mga nais alamin ang higit pa tungkol sa Haneda Innovation City (website ng Haneda Innovation City)





5:30 am – 11:30 pm Libre

Haneda Innovation City Zone E rooftop
1-1-4 Haneda Airport, Ota-ku

Airport & City Development Division
☎ 03-5744-1650 FAX 03-5744-1528

# 【Mga pamamaraan para sa child allowance sa holiday sa pagtatapos at pagsisimula ng taon】

Ang tanggapan ay hindi makakatanggap ng mga aplikasyon para sa child allowance mula Disyembre 29 hanggang Enero 3. Para sa mga may anak na ipinanganak sa Disyembre o mga lumipat, mangyaring mag-aplay sa loob ng 15 araw mula sa araw pagkatapos ng araw ng pagbabago (petsa ng kapanganakan, inaasahang petsa ng paglipat mula sa dating tirahan).
Tatanggapin ang mga aplikasyon kahit na hindi kumpleto ang mga nakalakip na dokumento, kaya mangyaring mag-aplay sa loob ng deadline.

Mangyaring mag-aplay sa tanggapan ng Medical Care for Children, Childcare Support Division sa elektronikong paraan o pamamagitan ng koreo. Para sa mga detalye, mangyaring tingnan ang website ng Ota City

Childcare Support Division
☎ 03-5744-1275



## 【Sundin ang "Limang Panuntunan para sa Ligtas na Pagbibisikleta"】

1. **Bilang pangkalahatang tuntunin, magbisikleta sa kaliwang gilid ng kalsada**
   **Eksepsiyon sa mga sidewalk, bibigyan prayoridad ang mga pedestrian**
2. **Sa interseksyon, sundin ang traffic lights at pansamantalang huminto upang kumpirmahin ang kaligtasan**
3. **Dapat buksan ang headlight sa gabi**
4. **Ipinagbabawal ang pagbibisikleta nang lasing**
5. **Dapat magsuot ng helmet**



**Binago noong Nobyembre 1, 2022.**

Urban Infrastructure Development Management Division
☎ 03-5744-1315　FAX 03-5744-1527

## 【Tumutulong kami sa aplikasyon para sa My Number Card】

Ang Ota City My Number Card Center ay nagbibigay ng serbisyo ng tulong sa aplikasyon upang matulungan kayong makapag-aplay para sa My Number Card, mula sa pagkuha ng libreng litrato hanggang sa aplikasyon. Mangyaring magdala ng ID (residence card, special permanent resident card, atbp.) at personal na pumunta.

Weekdays: 9:00 am – 6:30 pm
Sabado at Linggo: 9:00 am – 4:30 pm
* Gayunpaman, sarado ang center sa ika-3 Sabado at kasunod nitong Linggo, holidays, at holiday sa pagtatapos at pagsisimula ng taon

Ota City My Number Card Center
(2-3-7 Sanno, Ota-ku)

Libre

(1) Magpareserba sa telepono
Tumawag sa contact information
(2) Magpareserba sa website
Pumunta sa website para sa pagpapareserba mula sa URL sa contact information

Ota City My Number Call Center
(weekdays: 9:00 am – 5:00 pm)
* Tumutugon sa wikang Hapon, Ingles, Instik, Koreano
* Sarado sa Sabado, Linggo, holidays, at holiday sa pagtatapos at pagsisimula ng taon
☎ 0570-03-3370　FAX 050-3737-9318

Tungkol sa serbisyo ng tulong sa aplikasyon para sa My Number Card

Magpareserba sa application assistance net

···· Kailan　···· Magkano　···· Ilang tao　···· Paano mag-apply　···· Saan　···· Mag-apply sa　···· Makipag-ugnay sa

# 【Tungkol sa pagkolekta ng mga recyclable at basura sa holiday ng pagtatapos at pagsisimula ng taon】

Walang pagkolekta sa Disyembre 31 (Sabado) hanggang Enero 3 (Martes). Sa pagsisimula ng taon, babalik sa pagkolekta gaya nang dati mula Enero 4 (Miyerkules). Sa panahon ng pagtatapos at pagsisimula ng taon, maaaring magbago nang husto ang oras ng koleksyon at kurso ng koleksyon hindi katulad ng normal. Tungkol sa oras ng pagtatapon ng mga recyclable at basura, mangyaring ilabas ito sa collection area hanggang 8:00 am sa araw ng pagkokolekta.

| Buwan ng koleksyon / Mga bagay na kokolektahin | | | 2022 Disyembre | 2023 Enero |
|---|---|---|---|---|
| Mga recyclable | | | Hanggang 30 (Biyernes) Babalik sa pagkolekta gaya nang dati | Mula sa 4 (Miyerkules) Babalik sa pagkolekta gaya nang dati |
| Nasusunog na basura | | | | |
| Klasipikasyon | | | Araw ng pagtatapos sa loob ng itong taon | Araw ng pagsisimula sa susunod na taon |
| Hindi nasusunog na basura | Una / Pangatlong linggo | Distrito sa Lunes | 19 (Lunes) | 16 (Lunes) |
| | | Distrito sa Martes | 20 (Martes) | 17 (Martes) |
| | | Distrito sa Miyerkules | 21 (Miyerkules) | 4 (Miyerkules) |
| | | Distrito sa Huwebes | 15 (Huwebes) | 5 (Huwebes) |
| | | Distrito sa Biyernes | 16 (Biyernes) | 6 (Biyernes) |
| | | Distrito sa Sabado | 17 (Sabado) | 7 (Sabado) |
| | Pangalawa / Pang-apat linggo | Distrito sa Lunes | 26 (Lunes) | 9 (Lunes at holiday) |
| | | Distrito sa Martes | 27 (Martes) | 10 (Martes) |
| | | Distrito sa Miyerkules | 28 (Miyerkules) | 11 (Miyerkules) |
| | | Distrito sa Huwebes | 22 (Huwebes) | 12 (Huwebes) |
| | | Distrito sa Biyernes | 23 (Biyernes) | 13 (Biyernes) |
| | | Distrito sa Sabado | 24 (Sabado) | 14 (Sabado) |
| Malalaking basura Sistema ng aplikasyon/ Bayad | | | 【Mag apply sa】Ota City Bulky Waste Reception Center ☎03-5465-5300 (8:00 am – 7:00 pm/Tumatanggap din sa Sabado, Linggo, at holidays) Gayundin, hindi tatanggap mula Disyembre 29 (Huwebes) hanggang Enero 3 (Martes). | |

Sanitation Division ☎ 03-5744-1628 FAX 03-5741-1550
Omori Waste Collection Office ☎ 03-3744-3811 FAX 03-3775-6028
Kamata Waste Collection Office
(Chofu District) ☎ 03-6459-8201 FAX 03-6459-8597
(Kamata District) ☎ 03-6451-9535 FAX 03-6451-9623



©Ota City

Inisyu ng Ota City Internationalization and Multiculturalism Promotion Division
〒144-0052 Ota International Exchange Center (Minto Ota) Ika-2 palapag ng 4-16-8 Kamata, Ota-ku, Tokyo
☎ 03-5744-1227 FAX 03-5744-1323
Ang information paper na ito ay iniisyu nang 8 beses kada taon sa 6 na wika (madaling Hapon, Ingles, Instik, Nepalese, Tagalog, Vietnamese). Ipinamamahagi ito sa mga city facilities tulad ng library, children's hall at branch office, at mga pangunahing city station tulad ng JR Kamata, Omori, at Keikyu Kamata.